| Patakaran: **Bail – Adults** | | |
|---|---|---|
| Code ng Patakaran: **BAI 1** | Petsa ng Pagkabisa: Nobyembre 22, 2022 | Cross-references: CHA 1 CHI 1 GUI 1 IPV 1 SEX 1 VUL 1 |

Ang bawat táong akusado ng isang pagkakasala ay may mahalagang karapatan sa bail (piyansa) sa mga makatwirang tuntunin, at may karapatang hindi pagkaitan ng makatwirang bail nang walang makatwirang dahilan.

Ang karapatan sa piyansa ay lubhang nakaugnay sa pagpapalagay na ang isang tao ay walang-sala. Ipinapalagay ng batas ng Canada na ang isang akusadong tao ay pahihintulutan ng piyansa:

> *… ang pagpapalaya sa mga akusadong tao ay ang pangunahing tuntunin at ang detensyon ay ang eksepsyon …*
> *Ang awtomatikong pag-utos ng detensyon ay sasalungat sa 'saligang karapatan na mapahintulutan ng makatwirang piyansa maliban kung may makatwirang dahilan na gawin ang kabaligtaran'.*[1]

Maaaring maapektohan ng pre-trial custody ang pangkaisipan, panlipunan, at pangkatawang buhay ng akusado at ng kanyang pamilya. Ang isang táong akusado ay ipinapalagay na inosente at hindi niya dapat kailanganing mag-plead guilty (magpahayag ng pagkakasala) para lamang siya'y mapalaya. Kahit na kung ang akusado ay hindi naka-detain, ang mga hindi kinakailangan o hindi makatwirang kondisyon ng pagpapalaya ay naglilimita sa kalayaan ng isang táong ipinapalagay na inosente at maaari nito gawing kriminal ang kilos na hindi naman labag sa batas.[2]

Sa kabila ng pagkakatatag ng isang konstitusyonal na karapatang makakuha ng makatwirang piyansa, ang remand populations at ang pagtanggi ng piyansa ay tumaas nang husto simula nang isinabatas ang *Kasulatan ng mga Karapatan at mga Kalayaan (Charter of Rights and Freedoms)*.[3] Maliban pa sa kahirapang ibinibigay nito sa isang sistema ng

1 *R v St-Cloud*, 2015 SCC 27 at para 70
2 *R v Zora*, 2020 SCC 14 at para 25
3 *R v Antic*, 2017 SCC 27 at para 64

hustisya sa krimen na labis nang nabibigatan, ang pagdami ng remand population ay hindi katimbang na nakakaapekto sa mga akusadong tao mula sa disadvantaged at vulnerable na mga komunidad at may tendensiya itong dagdagan ang panganib ng kriminalisasyon ng akusado. Pinalalala rin nito ang hindi katanggap-tanggap na labis nang representasyon ng mga Indigenous na tao sa loob ng sistema ng hustisya sa krimen ng Canada.[4]

Para sa desisyon na tutulan o payagan ang piyansa, at sa anong mga tuntunin, kailangang isaalang-alang at timbangin ng Crown Counsel ang mga nagtatalong hangad ng akusado, ng publiko, at ng mga biktima. Hindi maaaring tiyak na mahulaan ng Crown Counsel ang mga kilos ng akusado sa darating na panahon, at sa gayon ay hindi nito maaaring tanggalin ang lahat ng mga panganib. Ito ay maaasahan sa isang sistema ng hustisya na nakabatay sa pagpapalagay na ang isang tao ay walang-sala, kung saan ang bawat akusadong tao ay may saligang karapatang makakuha ng makatwirang piyansa. Kapag nagmumungkahi ng mga kondisyon sa piyansa, dapat isaalang-alang ng Crown Counsel ang mga pangyayari ng sinasabing pagkakasala at ang lahat at makatwirang makikinitang risk factors at hanapin ang mga kondisyon sa piyansa na pinaka may kaunting paghihigpit na maaaring magbawas sa panganib na dulot ng akusado upang gawin itong katanggap-tanggap.

Upang makatwiran at mabisang mapalakad ang sistema ng hustisya, ang Crown Counsel ay kailangang gumawa ng mga kusang-loob na desisyon tungkol sa piyansa. Tulad ng nakabalangkas sa *Guiding Principles* (GUI 1) ng Crown Counsel Policy Manual, kapag ang Crown Counsel ay gumagawa ng mga may prinsipyong desisyon alinsunod sa patakarang ito, anuman ang magiging kinalabasan, susuportahan ng BC Prosecution Service at ng Assistant Deputy Attorney General ang kanilang mga desisyon.

## Sa pangkalahatan

Upang maging makatwiran alinsunod sa batas, ang isang pre-trial detention o anumang mga kondisyong inilagay sa pagpapalaya ng isang akusadong tao ay dapat kinakailangang gawin para sa isa o higit pa sa tatlong layuning nakasulat sa seksyon 515(10) ng *Kodigo Kriminal*:

- upang masigurado na pupunta sa korte ang akusado
- para sa proteksyon o kaligtasan ng publiko, ng isang biktima, ng isang saksi, habang isinasaalang-alang ang lahat ng mga pangyayari, kabilang na ang anumang

4 *R v Zora*, 2020 SCC 14 at para 79; Statistics Canada, "Adult and youth correctional statistics in Canada, 2018/2019", ni Jameil Malakieh sa Juristat Catalogue No 85-002-X (Ottawa: Statistics Canada, 2020) at 7, online < https://www150.statcan.gc.ca/n1/pub/85-002-x/2020001/article/00016-eng.htm>

malaking posibilidad na ang akusado, kung siya'y pinalaya mula sa custoday, ay gagawa ng kriminal na pagkakasala o makikialam sa sistemang panghukuman

- upang mintinahin ang kompiyansa sa sistemang panghukuman

Hindi legal na makatwiran na hilingin ang pre-trial detention o mga kondisyon sa piyansa para sa anumang ibang layunin, kabilang na ang: parusahan ang akusado, pilitin ang treatment ng nauukol na problema sa pangkaisipang kalusugan o addiction ng akusado, subukang pabilisin ang prosesong panghukuman, o hikayatin ang akusado na mag-plead na siya'y guilty o may-sala, o gumawa ng anumang ibang pahintulot o pagtanggap.[5]

Bukod pa sa mga dahilan batay sa batas na isinasangguni sa seksyon 515(10) ng *Kodigo Kriminal*, ang posisyon ng Crown Counsel tungkol sa piyansa ay dapat batay sa "principle of restraint" (tuntunin ng pagpigil) na isinabatas sa seksyon 493.1.[6] Sa principle of restraint, kailangang pangunahing isaalang-alang ng isang huwes ang pagpapalaya ng akusado sa pinakamaagang makatwirang pagkakataon, sa mga pinakamagaang kondisyon na angkop sa mga pangyayari at na makatwirang posibleng tuparin ng akusado.

Gayunman, ang principle of restraint ay dapat pakahulugan sa konteksto ng mga probisyon sa piyansa sa kabuuan at hindi nito hinahadlangan ang Crown Counsel na hilingin ang detensyon o mga kondisyon sa pagpapalaya ng akusado kapag ito'y naaangkop.

Ginagawang malinaw ng mga Seksyon 515(1) hanggang 515(2.03) ng *Kodigo Kriminal* na bukod pa sa mga limitadong eksepsyon, dapat palayain ng huwes na namamahala sa isang bail hearing ang akusado gamit ang isang release order na walang mga kondisyon maliban kung ipinapakita ng Crown Counsel na may dahilan kung bakit may katwiran ang detensyon o conditional release ng akusado.

Maliban pa sa mga kondisyon na dapat ipataw o kaya isaalang-alang sa ilalim ng seksyon 515(4.1) hanggang (4.3) ng *Kodigo Kriminal,* at isang kondisyon na dapat magpunta ang akusado sa hukuman, dapat imungkahi ng Crown Counsel ang mga kondisyon na ang layunin ay ang tugunan ang statutory grounds (mga pinagbabatayang batas) na nakatakda sa seksyon 515(10). Kapag nagpapasiya ang Crown Counsel kung anong mga kondisyon, kung mayroon man, ang hihilingin, dapat nitong isaalang-alang ang mga personal na kalagayan ng akusado at ang mga kumulatibong epekto ng mga iminumungkahing kondisyon.[7]

---

5 *R v Zora*, 2020 SCC 14 at para 85
6 *R v Zora*, 2020 SCC 14 at para 100
7 *R v Zora*, 2020 SCC 14 at paras 25 and 89

## Pagprotekta sa kaligtasan ng publiko at pagmintina ng kompiyansa sa sistema ng hukuman

Sa ilang mga kalagayan, hindi lamang angkop kung 'di kinakailangan ding maging mas istrikta ang Crown Counsel sa piyansa. Halimbawa, ang mga patakarang nakalista sa ibaba ay nagbibigay-diin sa pangangailangang partikular na isaalang-alang ang kaligtasan ng publiko, kabilang na ang mga biktima at mga saksi:

- *Child Victims and Witnesses (Mga Batang Biktima at Saksi)* (CHI 1)
- *Intimate Partner Violence (Karahasan sa Kapareha o sa Asawa)* (IPV 1)
- *Sexual Offences against Adults (Sekswal na Panghahalay laban sa Adults)* (SEX 1)
- *Vulnerable Victims and Witnesses (Mga Vulnerable na Biktima at mga Saksi)* (VUL 1)

Ang proteksyon o kaligtasan ng publiko ay dapat ding alalahanin hinggil sa repeat offenders, lalo na sa repeat violent offenders.

Para sa mga layunin ng patakarang ito, kabilang sa repeat violent offender ang sinumang may isa o higit pang paghahatol kamakailan-lamang para sa isang pagkakasala laban sa tao (sa ilalim ng Bahagi VIII ng *Kodigo Kriminal*) o kaya isang pagkakasalang may kinalaman sa armas (tulad ng nakalarawan sa seksyon 2 ng *Kodigo Kriminal*). Kapag ang isang repeat violent offender ay akusado ng isang pagkakasala laban sa tao o isang pagkakasalang may kinalaman sa isang armas, dapat hilingin ng Crown Counsel ang kanyang detensyon maliban na lamang kung ang Crown Counsel ay nasisiyahan -- habang isinasaalang-alang ang lahat ng mga kalagayan -- na ang panganib sa kaligtasan ng publiko dahil sa pagpapalaya sa akusado ay mababawasan ng mga kondisyon sa piyansa hanggang ito'y katanggap-tanggap.

Kapag isinasaalang-alang ang panganib sa kaligtasan ng publiko, dapat isipin ng Crown Counsel ang anumang factors na maaaring maging pabor sa paghiling sa detensyon ng akusado, kabilang na ang sumusunod:

- sa panahon ng pag-aresto sa akusado, siya'y may isa o higit pang outstanding criminal charges na nagpaparatang na siya'y may pagkakasala laban sa tao o isang pagkakasalang ginamitan ng armas
- sa paggawa ng pinaparatang na pagkakasala, pinaratang na hindi sinunod ng akusado ang isang kondisyon ng isang recognizance sa ilalim ng seksyon 810, 810.1, o kaya 810.2 ng *Kodigo Kriminal*, o isang pagbawal sa mga armas na ipinataw sa ilalim ng mga seksyon 109 hanggang 111 o kaya 515(4.1) ng *Kodigo Kriminal*

- ang kabaligtarang onus provisions sa seksyon 515(6) ng *Kodigo Kriminal*

## Pagsisiyasat ng mga Trabahong Inisyu ng Pulis

Ang pulis ay may kapangyaring palayain ang isang akusado sa isang undertaking sa ilalim ng mga seksyon 498(1)(c), 499(b), o kaya 503(1.1) ng *Kodigo Kriminal*. Kapag ginamit ng pulis ang kapanghariyang ito, inuutusan sila ng seksyon 493.1 ng *Kodigo Kriminal* na magbigay ng pangunahing konsiderasyon sa pagpapalaya ng akusado sa lalong madaling makatwirang pagkakataon, sa mga pinakamagaang kondisyon na angkop sa mga kalagayan at na makatwirang magagawang sundin ng táong akusado.

Kapag natanggap ng Crown Counsel ang Ulat sa Crown Counsel, dapat nitong rebyuhin ang mga tuntunin ng anumang undertaking na inisyu ng pulis. Kapag ang mga tuntunin ng undertaking na inisyu ng pulis ay hindi magagawa, o hindi sapat upang protektahan ang biktima, ang pamilya ng biktima, ang mga saksi, at ang publiko, dapat mag-request ang Crown Counsel ng warrant o kaya mag-apply sa isang hustisya sa ilalim ng seksyon 502(2) para sa isang release order (utos ng pagpapalaya) na may mga naiibang kondisyon. Kapag magiging sapat ang mga tuntuning hindi kasing higpit, dapat isaalang-alang ng Crown Counsel kung ang pagbabago sa ilalim ng seksyon 502(1) ay angkop at dapat hindi nito tutulan ang isang aplikasyon ng táong akusado sa ilalim ng seksyon 502(2).

## Pagtatasa ng Paratang na Hindi Raw Sinunod ang Piyansa

Kapag ang hindi pagsunod sa piyansa ay katumbas ng sadyang pagsalungat sa hukuman, o kaya'y lumilikha ito ng hindi katanggap-tanggap na panganib sa kaligtasan ng publiko o ng biktima, dapat itong tugunan nang naaangkop. Gayunman, maraming mga paglabag ang nangyayari bilang resulta ng pagbabago o paghahamon sa mga kalagayan sa buhay ng táong akusado, at dahil dito'y maaaring maging mahirap sundin nang husto ang mga kondisyon. Ang mga binanggit sa huli na uri ng paglabag ay karaniwang hindi nagdudulot ng malaking alalahanin tungkol sa sadyang pagsalungat sa hukuman o sa kaligtasan ng publiko o ng biktima.

Tulad ng nakabalangkas sa *Charge Assessment Guidelines* (CHA 1), kahit na natupad ang evidentiary test, hindi kinakailangan ng hustisya na kasuhan ang bawat mapapatunayang pagkakasala. Ang proseso para magkakaso ay dapat ireserba para sa mga kasong nangangailangan ng buong puwersa ng sistema ng hustisya sa krimen, kasama ang lahat ng mga parusang magagamit nito. Kapag pinaratang na ang isang akusado ay lumabag sa isang kondisyon ng piyansa, dapat isaalang-alang ng Crown Counsel ang lahat ng mga available na alternatibo bago aprubahan ang tinatawag na laying of an Information (pagsabi o pagsulat ng pahayag na may sinasabing pagkakasala) na nagpaparatang ng paglabag sa piyansa.

Maaaring kabilang sa mga makatwirang alternatibo sa isang prosekusyon ng sinasabing paglabag ng piyansa ang sumusunod:

- pagrepaso ng patuloy na pangangailangan ng kondisyon na sinasabing nilabag para sa mga layunin ng seksyon 515(10) at pagbago o pag-iba, kung kinakailangan
- pag-apply para sa pagpapawalang-bisa ng piyansa sa ilalim ng seksyon 524 ng *Kodigo Kriminal*
- pagparatang sa mga kalagayan ng paglabag sa piyansa bilang bahagi ng mga kalagayan sa pagsesentensiya ng isang substantive offence na nagmumula sa parehong facts, alinsunod sa seksyon 725(1)(c)

Ang paratang sa ilalim ng seksyon 145(4) or 145(5) ay dapat lamang aprubahan kapag ang mga remedyo na makukuha gamit ang pagrepaso ng piyansa at pagpapawalang-bisa ng piyansa ay magiging hindi sapat.[8]

Ang isang eksepsiyon sa paraang ito ay hinggil sa mga bagay na sakop ng patakaran ng *Intimate Partner Violenc*e (IPV 1): "kapag ang isang paglabag ng utos ng hukuman ay kinilala bilang isang risk factor para sa karahasan sa darating na panahon, mahalagang isaalang-alang ng Crown Counsel ang pag-apruba ng mga paratang, kapag naaangkop, para sa mga paglabag sa piyansa".

## Mga Táong May Pinansyal na Kahirapan at Mga Táong Vulnerable o Madaling Maapektohan

Ang mga mahihirap at madaling maapektohang tao na walang support network ng pamilya at mga kaibigan, o walang pera, ay mas nahihirapang mag-access ng bail.[9] Kapag gumagawa ng isang desisyon tungkol sa piyansa, iniuutos ng seksyon 493.2(b) ng *Kodigo Kriminal* sa isang huwes na bigyan ng partikular na atensyon ang mga kalagayan ng akusado na kasali sa vulnerable na populasyon na overrepresented sa sistema ng hustisya sa krimen at na dehado sa pagkuha ng pagpapalaya.

Hindi dapat humiling ang Crown Counsel ng anumang mga kondisyon na maaaring gawing kriminal o parusahan ang partikular na mga kalagayan sa buhay ng isang táong akusado (hal., karalitaan, homelessness, addiction sa alak o droga, sakit sa kaisipan o katawan, o kapansanan). Ang isang kondisyon ay magiging angkop lamang kung ito'y kinakailangan upang tugunan ang mga ispesipikong panganib ng táong akusado.[10]

8 *R v Zora*, 2020 SCC 14 at para 70
9 *R v Summers*, 2014 SCC 26 at para 66
10 *R v Zora*, 2020 SCC 14 at para 92

## Mga Indigenous na Tao

Kinikilala ng maraming mga komisyon at mga ulat ng pamahalaan, at ng mga paghahatol ng Korte Suprema ng Canada na ang diskriminasyong nararanasan ng mga Indigenous na tao, resulta man ito ng malinaw na rasistang kilos, o mga gawi na hindi naaangkop sa kultura, ay makikita sa lahat ng mga bahagi ng sistema ng hustisya sa krimen.

Ang kasaysayan ng kolonyalismo, displacement, at residential schools sa Canada ay nauwi sa mas mababang natapos na edukasyon, mga mas mababang kita, mas mataas na unemployment, mas maraming pagpapakamatay at pag-abuso ng droga o alak, at mas maraming pagbilanggo sa mga Indigenous na tao.
Ang labis na pagbilanggo ay dulot din ng bias laban sa mga Indigenous na tao at mula sa isang pagtingin ng institusyon na mas nakakiling na tanggihan sila ng piyansa.[11]

Bukod pa rito, ang rates ng pagiging biktima ng mga Indigenous na tao, lalo na ng mga Indigenous na kababaihan at mga batang babae, ay lubos na mas mataas kaysa sa para sa mga táong hindi Indigenous.[12]

Ang mga patuloy na konsekwensiya ng kolonyalismo para sa mga Indigenous na tao sa Canada ay nagbibigay ng kinakailangang konteksto para sa pagsasaalang-alang ng piyansa para sa isang Indigenous na akusado. Ang mga konsekwensiyang ito ay "dapat remedyuhan sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa mga natatanging systemic at background factors na umaapekto sa mga Indigenous na tao, at sa kanilang mga makabuluhang naiibang bagay na minamahalaga sa kanilang kultura at sa kanilang mga pananaw sa mundo."[13]

### Mga Indigenous na Akusadong Tao – Mga Bagay na Dapat Isaalang-alang para sa Piyansa

Kapag hindi sigurado ang Crown Counsel sa background ng táong akusado, dapat nilang tanungin ang akusado, ang defence counsel, o ang hukuman, sa lalong madaling makatwirang pagkakataon, hinggil sa kung kinikilala ng akusado ang kanyang sarili bilang isang Indigenous na tao. Dapat siguraduhin ng Crown Counsel na ang impormasyon na ito ay nakasulat sa file.

Dapat isaalang-alang ng Crown Counsel ang anumang impormasyon na ibinahagi sa buong prosekusyon hinggil sa natatanging systemic o background factors na maaaring naging dahilan sa pagdala ng Indigenous na akusado sa hukuman at ang epekto ng factors na ito, at

11 *R v Ipeelee*, 2012 SCC 13
12 *Victimization of Aboriginal People in Canada, 2014*, Statistics Canada, 2016
13 *Ewert v Canada*, 2018 SCC 30 at paras 57 and 58; *R v Barton*, 2019 SCC 33 at paras 198-200

ng mga magiging patuloy na konsekwensiya ng kolonyalismo, sa kasalukuyang pakikipag-ugnayan ng Indigenous na akusado sa sistema ng hustisya sa krimen.

Ang factors tulad ng unemployment, housing instability, sureties nang walang makabuluhang pinansyal na kakayahan, mga problema sa paggamit ng droga o alak na walang kinalaman sa sinasabing krimen, o ang kawalan ng sapat na koneksyon sa komunidad kung saan nangyari raw ang pagkakasala, ay maaaring makita sa natatanging systemic o background factors na kinilala sa *R v Gladue*.[14] Sa gayon, dapat gumamit ang Crown Counsel ng principled restraint (may prinsipyong pagpipigil) sa lahat ng mga desisyon hinggil sa piyansa at sa lahat ng bail proceedings, nang nagbibigay ng partikular na atensyon sa kalagayan ng Indigenous na akusado. Dapat lamang hilingin ng Crown Counsel ang detensyon ng isang Indigenous na akusado kapag:

- madalas dating hindi nagpupunta sa hukuman ang akusado kung kayat walang makatwirang pag-asa na ang anumang uri ng pagpapalaya ay mauuwi sa pagtatapos ng sitwasyon ayon sa mga detalye nito; o kaya
- ang sinasabing pagkakasala ay may kinalaman sa karahasan o pinsala, o kapag ang release on bail (pagpapalaya sa piyansa) ay maaaring mauwi lamang sa isang hindi katanggap-tanggap na panganib sa kaligtasan o security ng isang biktima, ng isang saksi, o ng publiko

Kapag inaaseso ang mga posibleng plano para palayain ang Indigenous na akusado, dapat gawin ng Crown Counsel ang sumusunod:

- hilingin lamang ang mga kondisyon na makatwirang kinakailangan upang tugunan ang panganib sa kaligtasan o sa security ng mga biktima, mga saksi, o ng publiko, o habang isinasaalang-alang ang katotohanan na ang akusado ay hindi dati nagpupunta sa hukuman, upang masigurado na ang sitwasyon ay magtatapos ayon sa mga detalye nito
- dapat isaalang-alang ng Crown Counsel ang kalayuan o pagiging liblib ng komunidad kung saan naninirahan ang akusado at ang mga natatanging kultural na koneksyon o mga tradisyon sa loob ng komunidad na iyon, at ang mga maaaring maging paghahamon nito dahil ipinatupad ang kung ano sana ay maisasaalang-alang na mga angkop na kondisyon sa piyansa sa ibang mga komunidad
- dapat nitong gamitin ang principled restraint (may prinsipyong pagpipigil) kapag ginagamit nito ang sureties

Iniuutos ng Seksyon 493.2(a) ng *Kodigo Kriminal* na bigyan ng huwes ng partikular na

14 *R v Gladue* [1999] 1 S.C.R. 688

atensyon ang kalagayan ng Indigenous na akusado kapag nagpapasiya ito sa piyansa. Sa lahat ng bail proceedings, dapat siguraduhin ng Crown Counsel na ang lahat ng naaangkop na impormasyon na makukuha nila tungkol sa kalagayan ng isang Indigenous na akusado ay gagawin ding available sa hukuman.